

Mga Piling Kolektibong Karanasan ng Pakikiangkop sa Panahon ng Pagsasari

Araling Panlipunan · Practice Test · 13 Questions

1. Ano ang tawag sa penomeno kung saan nananatili sa kamay ng ilang makapangyarihang pamilya ang pamumuno sa maraming lalawigan at lungsod matapos makamit ng Pilipinas ang kalayaan?

- A) Political Dynasty
- B) Local Elitism
- C) Demokratikong Pamamahala
- D) Kamalayang Pilipino

2. Bakit mahalaga ang pag-aaral ng local elitism?

- A) Upang malaman kung sino ang mga pinakamayayamang pamilya.
- B) Upang maunawaan kung paano nakaaapekto ang distribusyon ng kapangyarihan sa pag-unlad ng komunidad at demokrasya.
- C) Upang masuri ang kasaysayan ng mga digmaan sa Pilipinas.
- D) Upang malaman ang mga pinakamahusay na paraan ng pag-unlad sa ekonomiya.

3. Ano ang kahulugan ng salitang 'elite' mula sa wikang Pranses?

- A) Pinakamahihirap
- B) Pinakamalakas
- C) Pinili o pinakamataas
- D) Pinakamayaman

4. Sa agham panlipunan, sino ang tinutukoy ng salitang 'elite'?

- A) Ang pinakamaraming bilang ng mamamayan sa isang lipunan.
- B) Ang malit na pangkat ng mga taong may malaking impluwensiya dahil sa kanilang yaman, edukasyon, koneksyon, atbp.
- C) Ang mga pinuno ng militar at pulisya.
- D) Ang mga pinakamahuhusay na manggagawa sa bawat industriya.

5. Sa panahon ng Espanyol, paano nagsimulang umusbong ang local elitism sa Pilipinas?

- A) Sa pamamagitan ng pagpapakilala ng demokrasya.
- B) Sa pagbibigay ng posisyon at pribilehiyo sa mga mayayamang Pilipino (principalia) ng mga Espanyol.
- C) Dahil sa pag-aalsa ng mga ordinaryong mamamayan.
- D) Sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga unibersidad.

6. Sa panahon ng Amerikano, paano nagpatuloy ang impluwensiya ng mayayamang pamilya sa pamahalaan?

- A) Dahil sa pagpapakilala ng monarkiya.
- B) Sila pa rin ang madalas na nahahalal dahil sa kanilang yaman, edukasyon, at koneksiyon.
- C) Sa pamamagitan ng sapilitang pagkuha ng posisyon.
- D) Dahil sila lamang ang may kakayahang magbasa at sumulat.

7. Ano ang isa sa mga karaniwang katangian ng local elitism noon at ngayon?

- A) Ang pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat.
- B) Malaki ang impluwensiya ng pangalan o apelyido ng pamilya.
- C) Ang pagpili ng pinuno batay lamang sa kanilang kakayahan.
- D) Ang pagbaba ng impluwensiya ng negosyo sa politika.

8. Bukod sa lupa, ano ang mga bagong salik na nagbibigay impluwensiya sa local elitism ngayon?

- A) Pagsasaka at pangingisda
- B) Social media, political machinery, at malalaking negosyo
- C) Tradisyonal na mga seremonya
- D) Pagiging tanyag sa mga lokal na pista

9. Ano ang ibig sabihin ng 'dinamiko' sa konteksto ng pamilya, estado, at kapangyarihan?

- A) Ang pagbabago ng klima.
- B) Ang ugnayan o pakikipag-ugnayan ng iba't ibang bahagi ng lipunan.
- C) Ang paglaki ng populasyon.
- D) Ang pag-unlad ng teknolohiya.

10. Ano ang pangunahing tungkulin ng estado?

- A) Magbigay ng mga pribadong serbisyo.
- B) Gumawa at magpatupad ng batas, protektahan ang karapatan, magbigay ng serbisyong pampubliko, at panatilihin ang kaayusan.
- C) Magpatakbo ng mga negosyo para sa kita.
- D) Mangolekta lamang ng buwis.

11. Ayon kay Max Weber, ano ang kapangyarihan?

- A) Ang kakayahang mangolekta ng buwis.
- B) Ang kakayahang impluwensiyahan ang kilos, pasiya, o pananaw ng iba, kahit may pagtutol.
- C) Ang pagkakaroon ng maraming ari-arian.
- D) Ang pagiging sikat sa media.

12. Ano ang negatibong paggamit ng kapangyarihan?

- A) Mahusay na pamamahala at pantay na pagpapatupad ng batas.
- B) Korapsyon, pang-aabuso sa kapangyarihan, at nepotismo.
- C) Mabilis at maayos na serbisyo.
- D) Pagpapaunlad ng komunidad.

13. Ano ang political dynasty?

- A) Isang uri ng demokrasya.
- B) Isang sitwasyon kung saan ang dalawa o higit pang magkakamag-anak ay magkakasunod o sabay-sabay na humahawak ng posisyon sa pamahalaan.
- C) Ang pagtatatag ng mga bagong partido politikal.
- D) Ang pagpapalit ng mga lider tuwing eleksyon.